



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California
Libreng tawag (800) 776-5746*

Papel ng Katotohanan sa mga Opsyon & Proseso sa Pag-apela ng Kagawaran ng Rehabilitasyon ng California

Nobyembre 2013, Lat #5530.08

1. Ano ang maaari kong gawin kung may mga problema ako sa aking tagapayo sa (DOR, Department of Rehabilitation)?

Ang iyong unang hakbang ay dapat subukang lutasin ang isyu kasama ng iyong tagapayo sa DOR. Kung hindi mo malutas ang isyu kasama ng iyong tagapayo, humiling ng pagpupulong kasama ng superbisor ng tagapayo. Ang Superbisor ng Rehabilitasyon ay maaaring makatulong na lutasin ang anumang mga problema. Kung hindi ka masaya sa mga aksyon ng DOR, mayroon kang karapatan na umapela.

2. Ano ang aking mga opsyon para sa pag-apela?

Mayroong ilang opsyon para sa pag-apela; maaari kang humiling ng Administratibong Pagrepaso, Pamamagitan, o Makatarungang Pagdinig. Ang magkakaibang mga opsyon na ito ay ipapaliwanag nang mas detalyado sa ibaba.

3. Paano ako hihiling ng Administratibong Pagrepaso?

Ang Administratibong Pagrepaso ay ang pinakamababang lebel ng pagrepaso. Kung ang iyong mga alalahanin ay hindi nalutas sa pamamagitan ng iyong tagapayo sa DOR o sa Superbisor ng Rehabilitasyon sa lokal na lebel, maaari kang humiling ng Administratibong Pagrepaso ng Tagapangasiwa ng Distrito. Kailangan mong humiling ng

Administratibong Pagrepaso sa loob ng isang taon ng pagpasya na hindi ka sang-ayon. Dapat kasama sa iyong kahilingan:

- ang dahilan kung bakit mo iniisip na dapat baguhin ang pasya; at
- anong aksyon ang iyong ipinanukala na gawin ng DOR.

Titulo 9 CCR §7353(a)(3)(A)-(B).

4. Ano ang mangyayari sa Administratibong Pagrepaso?

Kapag natanggap ng Tagapangasiwa ng Distrito ang kahilingan para sa Administratibong Pagrepaso, maaaring magpasya sila na isagawa ang pagpupulong sa Administratibong Pagrepaso, kung saan makikita mo ang Tagapangasiwa ng Distrito, na titingin ng iyong isyu. Sa pagpupulong na ito, magkakaroon ka ng pagkakataon na ipaliwanag kung bakit sa tingin mo ang pasya ng DOR ay hindi tama. Maaari kang magdala ng mga dokumento at ibang ebidensya na nagsusuporta sa iyong posisyon. Ang iyong tagapayo sa DOR o Superbisor ng Rehabilitasyon ay maaaring magpakita sa Administratibong Pagrepaso upang ipaliwanag ang pasya ng DOR.

Sa ilang mga kaso, ang Tagapangasiwa ng Distrito ay maaaring magpasya na gumawa ng “nakatalang” pagrepaso at pagpasya. Titingnan ng Tagapangasiwa ng Distrito ang iyong kahilingan, file ng iyong kaso, at anumang mga dokumento na iyong isusumite. Ang Tagapangasiwa ng Distrito ay gagawa ng kanilang pasya batay sa mga talaang ito.

Ang Tagapangasiwa ng Distrito ay magpapasya kung ang aksyon ng DOR ay naaangkop at magpapadala ng nakasulat ng pasya sa loob ng 15 araw ng kahilingan para sa Administratibong Pagrepaso.

5. Paano kung hindi ako masaya sa Pasya ng Administratibong Pagrepaso?

Kung hindi ka nasisiyahan sa pasya ng Administratibong Pagrepaso, maaari kang humiling ng Pamamagitan at/o Makatarungang Pagdinig. Dapat mong gawin ang kahilingang ito **sa loob ng 30 araw** ng pasya ng

Administratibong Pagrepaso. Titulo 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (CCR, California Code of Regulations) §7353(f).

6. Iniuutos ba ang Administratibong Pagrepaso?

Hindi. Opsyonal ang proseso ng Administratibong Pagrepaso. Maaari mong laktawan ang Administratibong Pagrepaso at humiling kaagad para sa isang Makatarungang Pagdinig at/o Pamamagitan. Titulo 9 CCR §7351(c). Gayunpaman, maaaring makatutulong na gawin ang proseso ng Administratibong Pagrepaso ng DOR bago humiling ng Pamamagitan o Makatarungang Pagdinig. Maraming mga problema ang maaaring malutas nang lokal, impormal, at mas mabilis sa pamamagitan ng proseso ng Administratibong Pagrepaso.

7. Paano ako hihiling ng Pamamagitan?

Dapat kang humiling ng Pamamagitan sa loob ng isang taon ng aksyon na hindi ka sang-ayon. Kung nakatanggap ka ng pasya sa Administratibong Pagrepaso, dapat kang humiling ng Pamamagitan sa loob ng 30 araw ng pasya ng Administratibong Pagrepaso. Ang mga kahilingan para sa Pamamagitan ay dapat isumite sa pormularyong DR 107. Makikita mo rin ang pormularyong ito online sa:

<http://www.rehab.cahwnet.gov/Appeals/FairHearForms.html#DR107>.

Kung ang parehong partido ay sang-ayon sa Pamamagitan, ang Pamamagitan ay isasagawa sa oras at lokasyong madali para sa lahat ng mga partido sa loob ng 25 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng kahilingan ng tagapag-ugnay ng Pamamagitan. Titulo 9 CCR §7353.6(b)-(c); 34 Kodigo ng Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) §361.57(d).

8. Iniuutos ba ang Pamamagitan?

Hindi. Opsyonal rin ang Pamamagitan. 34 C.F.R. §361.57(d)(2)(i). Maaari kang magpasya na laktawan ang Pamamagitan at direktang pumunta sa Makatarungang Pagdinig. Ang DOR ay hindi rin inaatasang lumahok sa Pamamagitan; Ang DOR ay maaaring magpasya na hindi lumahok sa proseso ng Pamamagitan. Tulad ng proseso ng Administratibong

Pagrepaso, ang mga Pamamagitan ay hindi umaantala sa karapatan sa Makatarungang Pagdinig. Titulo 9 CCR §7353.6(b).

9. Ano ang mangyayari sa Pamamagitan?

Sa Pamamagitan, makikipagkita ka sa isang walang kinikilingang tagapamagitan at isang kinatawan mula sa DOR. Susubukan ng tagapamagitan na tulungan ka at ang DOR na lutasin ang inyong salungatan at humantong sa isang kasunduan. Kung nagsampa ka para sa Pamamagitan at Makatarungang Pagdinig sa parehong panahon at naayos mo ang lahat ng mga isyu na iniharap sa inyong salungatan sa Pamamagitan, ang Makatarungang Pagdinig ay hindi itutuloy.

Ang Pamamagitan ay isang kumpidensyal na proseso. Nangangahulugan ito na anumang impormasyon na ibinahagi sa Pamamagitan ay hindi maaaring talakayin sa kalaunan sa Makatarungang Pagdinig o sa isang kaso sa korte.

10. Paano ako hihiling ng Makatarungang Pagdinig?

Maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig tungkol sa iyong isyu sa DOR sa halip na, o dagdag sa, Pamamagitan. Dapat mong gawin ang iyong kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig sa loob ng isang taon sa petsa na natanggap mo ang nakasulat na abiso ng aksyon o pasya na hindi ka sang-ayon. Titulo 9 CCR §7354(a)(1). Ayon sa binanggit sa itaas, kung pumunta ka sa isang Administratibong Pagrepaso, dapat kang humiling ng Makatarungang Pagdinig sa loob ng 30 araw ng pasya ng Administratibong Pagrepaso.

Ang Makatarungang Pagdinig ay dapat isagawa sa loob ng 60 araw ng iyong nakasulat ng kahilingan maliban kung sumang-ayon ka sa pagkaantala. Titulo 9 CCR §7354(b).

Ang mga kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ay dapat isumite sa pormularyong DR 107. Makikita mo ang pormularyong ito online sa: <http://www.dor.ca.gov/Appeals/index.html>.

11. Ano ang mangyayari sa Makatarungang Pagdinig?

Sa isang Makatarungang Pagdinig, mayroon kang pagkakataon na iharap at patunayan ang iyong mga paghahabol sa harap ng isang Huwes sa Administratibong Batas (ALJ, Administrative Law Judge) Maaari kang magdala ng mga dokumento, testigo o ibang ebidensya na ihaharap sa ALJ. Ang mga apela para sa Makatarungang Pagdinig na hinihiling ng mga aplikante o kliyente ng DOR ay didinggin ng walang kinikilingang opisyal sa pagdinig na nasa listahan ng mga ALJ sa Kagawaran ng Panlahat na mga Serbisyo, Tanggapan ng mga Administratibong Pagdinig (OAH, Office of Administrative Hearings). Maglalabas ang ALJ ng pasya sa loob ng 30 araw pagkatapos ng Makatarungang Pagdinig. Titulo 9 CCR §7358.

12. Maaari bang ihinto ng DOR ang mga serbisyo na aking tinatanggap hanggang magkaroon ng pasya?

Hindi. Hanggang ang proseso ng Administratibong Pagrepaso ay nakumpleto o hanggang ang Tanggapan ng mga Administratibong Pagdinig ay nagbigay ng pasya, hindi dapat suspindihin, bawasan, o ihinto ang anumang mga serbisyo ng DOR na ibinibigay na sa ilalim ng IPE. Ang dalawang eksepsyon ay kung hiniling ng indibidwal na ihinto ang serbisyo o tinukoy ng DOR na may ginawang panloloko o ibang kriminal na asal ang indibidwal. Titulo 9 CCR §7351(e).

13. Paano kung hindi ako masaya sa pasya ng Makatarungang Pagdinig?

Kung hindi ka masaya sa pasyang inilabas pagkatapos ng Makatarungang Pagdinig, may karapatan ka na magsampa ng petisyon para sa kasulatan sa mandato sa loob ng anim na buwan sa Kataas-taasang Hukuman ng California.

14. Maaari ko bang hilingin ang miyembro ng pamilya na kumatawan sa akin sa Pamamagitan o Makatarungang Pagdinig?

Maaari kang magtalaga ng isang tao na maging iyong Awtorisadong Kinatawan at kumatawan sa iyo sa Pamamagitan o Makatarungang Pagdinig. Maaari mong hilingin ang miyembro ng pamilya, kaibigan, o ibang tagapagtaguyod na maging iyong Awtorisadong Kinatawan. Ang mga Awtorisadong Kinatawan ay dapat kumpletuhin ang pormularyong DR 108 bago sila maaaring kumatawan sa iyo. Ang pormularyong ito ay makukuha sa sumusunod na link:

<http://www.rehab.cahwnet.gov/Appeals/FairHearForms.html#DR107>.

15. Paano kung hindi ako nakakapagbasa ng Ingles o mayroong kahinaan sa pagdinig o paningin?

Maaari kang humiling na ipadala sa iyo ang mga abiso at pasya sa iyong pangunahing wika o iyong gustong paraan ng komunikasyon. Kapag gumawa ng partikular na kahilingan, dapat bigyan ka ng DOR ng mga abiso at pasya sa iyong pangunahing wika o paraan ng komunikasyon. Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon §19013.5(a)-(b); Titulo 9 CCR §7352(a). Kung gusto mong makatanggap ng mga abiso at pasya sa wikang maliban sa Ingles, malaking limbag, o Braille, tiyakin na humiling ng partikular na wika o anyo na iyong kailangan sa madaling panahon. Maaari kang humiling na makatanggap ng mga abiso sa ibang mga wika at/o anyo kapag gumagawa ng iyong kahilingan para sa Administratibong Pagrepasso, Pamamagitan o Makatarungang Pagdinig.

16. Makakakuha ba ako ng tagapagsalin ng wika o tagapagbasa o ibang mga kaluwagan sa Administratibong Pagrepasso, Pamamagitan, o Makatarungang Pagdinig?

Oo. Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, bingi, may kahinaan sa pandinig, may kahinaan sa pagsasalita, bulag o may kahinaan sa paningin, ang mga serbisyo ng tagapagsalin ng wika at tagapagbasa o mga kagamitang pantulong sa pakikinig ay dapat ibigay sa iyo. Nasa iyo na kung hihilingin ang mga serbisyong ito. Titulo 9 CCR §§ 7353(c), 7353.6(c), 7354(d)(3).

Kung maaari, humiling ng anumang mga kaluwagan na iyong kailangan nang maaga. Maaari kang humiling ng mga kaluwagan kapag gumagawa ng iyong kahilingan para sa Administratibong Pagrepaso, Pamamagitan, o Makatarungang Pagdinig.

17. Makakahiling ba ako ng transportasyon tungo at mula sa isang Administratibong Pagrepaso, Pamamagitan, o Makatarungang Pagdinig?

Maaari kang humiling sa DOR na magbigay ng transportasyon sa isang Administratibong Pagrepaso o Pamamagitan. Titulo 9 CCR §7353(d), 7353.6(d). Bagaman ang mga regulasyon ay hindi partikular na tumutugon dito, maaari mong itanong sa DOR kung magbibigay sila sa iyo ng transportasyon upang dumalo sa Makatarungang Pagdinig kung kailangan mo ito.

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagtaguyod sa Programa ng Tulong sa Kliyente (CAP, Client Assistance Program) para sa tulong sa 800-776-5746. Ang tagapagtaguyod sa CAP ay maaaring makatulong sa iyo na lutasin ang iyong mga isyu sa DOR.

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.